# *Hugnayang Kognitibo*:

## Balangkas sa Pagtatasa at Paglikha ng mga Kagamitang Panturo sa Filipino

ANA ISABEL D. CAGUICLA

*Katuwang na Propesor sa Departamento ng Lengguwahe, Literatura at Sining sa UP Baguio at kasalukuyang koordineytor sa programang gradwado ng Kolehiyo ng Sining at Komunikasyon ng UP Baguio. Nagtapos siya ng BA Linguistics sa UP Diliman at MA Language andd Literature sa UP Baguio. Nagturo siya ng International Baccalaureate Filipino sa Brent International School, Beacon School, at United World College of Southeast Asia.*

**ABSTRAK**

Malaki ang potensiyal ng mga teksbuk bilang pantulong sa pagtuturo at pagkatuto kaya nararapat lamang magarantiyang mataas ang kalidad ng mga ito upang tumugma sa matayog na mithiin ng edukasyon. Lumabas sa mga pagsusuri sa mga teksbuk na ginagamit sa primaryang edukasyon sa Pilipinas na ang mga kakulangan nito ang humahadlang sa ganap na pag-unlad ng kaalaman at paglinang sa proseso ng pag-iisip ng mga mag-aaral. Upang punan ang mga kakulangan, layunin ng pag-aaral na itong maglatag ng balangkas na gagabay sa pagtatasa at paglikha ng mga kagamitang panturo sa Filipino at ilarawan ang mga katangian ng mahusay na kagamitang panturo. Binigyan ng depinisyon ang konsepto ng hugnayang kognitibo sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga prinsipyo ng nirebisang taksonomiya ni Krathwohl, konstruktibismo at metakognisyon. Ang balangkas na ito ang nagdikta ng mga elemento at katangian ng mga kagamitang panturong sumusunod sa pamantayan ng hugnayang kognitibo.

**Mga susing salita:** Filipino teksbuk, kagamitang panturo, hugnayang kognitibo, konstruktibismo, metakognisyon

**ABSTRACT**

The potential of textbooks as a multi-faceted teaching and learning aid compels a guarantee that they are produced with the level of quality required for them to fulfill their envisioned purposes. Studies have shown that Philippine textbooks are wanting in this regard as they have inadequacies that prevent the exhaustive development of students' knowledge and cognition. To fill this void, the current study pursued the following objectives: to propose a framework for the evaluation and development of cognitively complex Filipino instructional materials and to describe the qualities of cognitively complex instructional materials. I defined cognitive complexity by integrating the principles of the revised Krathwohl's taxonomy, constructivism and metacognition. This framework prescribes the components and characteristics of instructional materials that adhere to cognitive complexity standards.

**Keywords:** Filipino textbooks, instructional materials, cognitive complexity, constructivism, metacognition

May dalawang layunin ang papel na ito. Una, mapunan ang mga kakulangang tinukoy sa mga rebyu ng mga teksbuk na ginagamit sa edukasyong primarya sa pamamagitan ng pagmumungkahi ng balangkas na gagabay sa pagtatasa at paglikha ng mga kagamitang panturo sa Filipino. Ikalawa, mailarawan ang mga katangian ng mahusay na kagamitang panturo upang maglatag ng mga estratehiya sa paglikha ng mga materyal na panturong umaayon sa mga pamantayan ng *hugnayang kognitibo*[i]. Inaasahang sa katapusan ng sanaysay na ito, magagabayan ang mga manunulat ng teksbuk at ng iba pang mga kagamitang panturo sa Filipino para sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) upang masigurong hahasain ng mga ito ang kritikal na pag-iisip ng mga estudyanteng gagamit nito.

**Pagsusuri sa mga Teksbuk na Ginagamit sa Primaryang Edukasyon**

Edukasyon ang magdudulot ng pagkakapantay-pantay ng mga tao sa mundo—isang karapatang kinikilala sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng edukasyon sa mga pampublikong paaralan. Gayumpaman, maraming suliraning pumapalibot sa sistema tulad ng pagbibigay ng mababang kalidad ng edukasyon, na hindi makatutulong upang maiangat ang buhay ng mahihirap na estudyante. Bunga ito ng limitadong *literacy outcomes*[ii] na nagmula naman sa kakulangan ng matinong kurikulum, mga komprehensibong materyal sa pagkatuto, mga gurong dumaan sa pagsasanay, at mga modernong pasilidad. Nangunguna sa mga problemang ito ang mga puwang sa kurikulum at ang kalidad ng katumbas nitong teksbuk[iii]. Isang partikular na kritisismo ang hindi gaanong paglinang sa kritikal na pag-iisip ng mga estudyante sa mga teksbuk na ipinapagamit sa kanila.

*Rebyu ng Teksbuk ng Philippine Social Science Council at ng UNESCO-National Commission of the Philippines*

Nagsagawa ng rebyu ng teksbuk ang Philippine Social Science Council at ang UNESCO-National Commission of the Philippines. Tinipon nina Hornedo, Miralao, at Sta. Maria (2000) ang mga obserbasyon ng mga nagrebyu ng teksbuk upang maipakita ang iba't ibang anyo ng *texbook-based* na edukasyong ipinaiiral sa primaryang edukasyon ng Pilipinas. Sinuri ng mga tagarebyu ang kurikulum at teksbuk ng lahat ng mga asignatura. Tatalakayin lamang sa papel na ito ang mga natuklasan ng mga sumuri sa Sibika at Kultura, English, at Filipino.

Nakatuon ang rebyu ni Diaz (2000) sa dalawang set ng teksbuk at manwal ng mga titser ng asignaturang Sibika at Kultura na inaprobahan ng Department of Education, Culture, and Sports (DECS). Naging problema para sa tagarebyu na hindi nakabuo ng kompletong serye (ibig sabihin, nagmula ang mga teksbuk sa magkakaibang *publisher*) ang mga kagamitang panturong inaprobahan ng DECS. Nagpapahayag ito na ang mga nakatakdang kompetensi sa pagkatuto—ang pagkakaayos mula sa pinakamadali at pinakasimple sa unang baitang hanggang sa pinakamahirap at kompleks sa ikaanim na baitang—ay dapat magpakita ng pagpapatuloy at pagpapaunlad ng mga konsepto at idea upang taglayin ng mga mag-aaral ang mga kompetensi. Dahil walang iisang koordineytor para sa lahat ng mga teksbuk, walang pagpapatuloy sa paraan ng pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral. Napuna rin ni Diaz (2000) na: (1) walang maayos na transisyon ang unang yunit sa kasunod kaya nagkaroon ng kakulangan hindi lamang ang iisang teksbuk kundi ang buong serye nito;

(2) hindi sapat ang mga prosesong kognitibong napapagana sa pagsusuri ng mga teksto dahil napakasimple ng mga impormasyong ibinigay; at (3) may hanay ng mga tanong para sa mga pagtatasa subalit napakahirap sagutin dahil hindi naman naihanda ang mag-aaral para masagot ang mga ito.

Sa pagtatasa ni Ravina (2000) sa anim na Filipino teksbuk at siyam na *English* teksbuk na ginagamit sa elementarya at hay-iskul sa pampubliko at pribadong paaralan, ang mga kakulangan sa teksbuk na kaniyang natukoy ay katulad ng mga problema sa mga librong sinuri ni Diaz (2000). Natuklasang nakatuon lamang ang mga ito sa apat na makrokasanayan ng wika gayong higit ang pangangailangan sa mga dulog na magpapaunlad sa kompetensing komunikatibo ng mga mag-aaral. Sa pagsusuri sa mga tanong, gawain at mga pagtatasa, lumabas na kailangang pagbutihin pa ang mga ito para mahasa ang kasanayang kognitibo ng mga mag-aaral. Para sa kaniya, magkakaroon ng *hugnayang kognitibo* sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa uri ng pagtatanong "mula makatotohanan/literal patungo sa analitikal at patungo sa pinakamataas na antas ng pagtatanong—kritikal/interpretatibo" (142) at sa pagtatalaga ng mga "gawain, pagsasanay at mga tanong na ang mga sagot ng mga mag-aaral ay higit sa pagtukoy ng tama o mali, pagsang-ayon o di-pagsang-ayon at pagpili ng tamang sagot" (143). Iginiit niya ang pagkakaroon ng integratibo at interdisiplinaryong dulog sa pagpili ng mga teksto dahil maaaring maiugnay ang wika sa iba pang larang.

Ayon kay Bernardo (2000), kailangang lamnan ang mga teksbuk ng mga pagsasanay sa pagkatuto at mga tanong na susukat at magbibigay sa mga estudyante ng pagkakataong maipakita ang lawak at lalim ng kanilang pag-iisip. Sa pagtatasa naman ng kurikulum na pang-elementarya at hay-iskul, natuklasan niyang "listahan lamang ito ng mga konsepto at kasanayang dapat ituro" (21). Hinahasa lamang ng ganitong uri ng mga materyal ang memorya ng mga mag-aaral at hindi nagagampanan ng mga estratehiyang ginamit ang tungkulin nitong makabuo ng bagong kaalaman mula sa nakaraang kaalaman. Sinuportahan ni Bernardo (2000) ang mga argumento ni Ravina (2000) sa kaniyang sintesis ng nilalaman at balangkas ng mga teksbuk sa Pilipinas, na nagsasaad na dapat magkaroon ang mga mag-aaral ng mga kasanayang kakasangkapanin nila sa pagharap sa mga gawaing susubok sa kanilang kakayahang kognitibo—isang adhikaing matatamo kung mahahasa ang mga kasanayang ito sa lahat ng mga asignatura.

*Ebalwasyon ng mga DepEd Filipino 6 Teksbuk*

Sinuri ng mananaliksik (Caguicla 2016) ang dalawang Filipino teksbuk sa wika ni Belvez (2011) at pagbasa ni Liwanag (2011) na kasalukuyang[iv] ipinagagamit ng DepEd sa ikaanim na baitang sa pamamagitan ng *content analysis*. Hinugot ang mga layunin mula sa Filipino kurikulum na ipinatutupad ng DepEd at ang mga tanong, gawain, at pagtatasa sa mga aralin ng dalawang teksbuk. Pinagtapat-tapat ang mga ito sa kahong taksonomiya ni Krathwohl (216) upang malaman kung gaano karami ang mga ito, kung magkakahanay o may *alignment*, at upang matukoy rin ang mga kaalaman at prosesong kognitibong sangkot sa bawat aralin sa teksbuk.

| Kahong Taksonomiya | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Dimensiyon ng Prosesong Kognitibo | | | | | |
| Dimensiyon ng Kaalaman | 1 Matandaan | 2 Maintindihan | 3 Magsagawa | 4 Mag-analisa | 5 Magtasa | 6 Lumikha |
| A. Kaalamang Makatotohanan | | | | | | |
| B. Kaalamang Konseptuwal | | | | | | |
| C. Kaalamang Pagsasagawa | | | | | | |
| D. Kaalamang Metakognitibo | | | | | | |

Masasabing may ganap na pagkakahanay kapag ang mga layunin, tanong, gawain at pagtatasa ay nasa parehong lugar sa kahon. Mahalagang may layuning katapat ang tanong at gawain upang masabing may kaisahan ang mga sangkap ng kurikulum at teksbuk. Sa pag-aaral na ito, tatlong kahong taksonomiya ang ginamit para suriin ang bawat aralin sa dalawang teksbuk. Ang mga natuklasang magkatulad sa lahat ng mga aralin ay ginawan ng sintesis sa isa pang kahong taksonomiya para ipakita ang pagiging hugnayan (*complexity*) ng dalawang teksbuk. Binigyang-linaw nito ang mga kakulangan sa mga materyal nang sa gayon ay makabuo ng mga estratehiya sa pagpapabuti at paglikha ng mga kagamitang panturong sumusunod sa *hugnayang kognitibo*.

**Landas sa Pagbasa: Aralin I**

**Dimensyon ng Prosesong Kognitibo**

| Dimensiyon ng Kaalaman | 1 Matandaan | 2 Maintindihan | 3 Magsagawa | 4 Mag-analisa | 5 Magtasa | 6 Lumikha |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **A. Kaalamang Makatotohanan** | Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula<br>Saan ang tagpuan ng binasang salaysay?<br>Paano ipinaliwanag ni Lolo Juan ang kahulugan ng tugmang-bayan?<br>Bakit itinuturing na pamanang kalinangan ang mga tugmang bayan? | Naiuugnay ang mga binasa sa sariling karanasan<br>Basahing muli ang mga tugmang-bayan. Ipaliwanag ang bawat isa. | | | | |
| **B. Kaalamang Konseptwal** | | Anong magandang kaisipan ang makukuha sa tugmang ito? | Gumawa ng payak na pananaliksik. Kalapin at itala sa notebook.<br>Gumawa ng album o aklat-aklatan ng iba't ibang pamanang kalinangan | | | |
| **C. Kaalamang Pagsasagawa** | | | | | | |
| **D. Kaalamang Metakognitibo** | | | | | | |

**Larawan 1.** Sintesis ng Aralin 1 ng *Landas sa Pagbasa*

Natuklasan ng mananaliksik ang sumusunod:

1. Ang mga layunin sa pagkatuto ng dalawang libro ay nasa ilalim lamang ng dimensiyong kognitibong makatanda, makaunawa, at makapagsagawa na ang nagagawa lamang ay paganahin ang mababang antas ng pag-iisip, na hindi sapat para magkaroon ng makabuluhang pagkatuto. Nililinang lamang ng mga layunin

ang kaalaman sa paghahanap ng katotohanan at ang kaalaman sa pagsasagawa. Higit na mahalaga sa primaryang edukasyon ang kaalamang konseptwal at metakognitibo subalit hindi ito nabigyan ng sapat na atensiyon. Hindi rin gaanong nabigyan ng konsiderasyon ang layuning malinang ang iba pang dimensiyon ng prosesong kognitibong lumilinang sa mataas na antas ng pag-iisip;

2. Hindi nagkulang sa dami ng tanong ang dalawang teksbuk subalit tulad ng mga layunin, nasa ilalim lamang ng dimensiyong kognitibong makatanda, makaunawa, at makapagsagawa ang mga ito na hindi sapat upang hikayatin ang mga mag-aaral na siyasatin pa ang paksa ng aralin. Buhat lamang sa teksto ang sagot sa mga tanong kaya ang nahahasa lamang ay kakayahan ng mga mag-aaral na magsaulo o magmemorya. Nililinang din lamang ng mga tanong ang kaalaman sa paghahanap ng katotohanan at kaalaman sa pagsasagawa. Napagagana lamang ang kaalamang konseptwal sa mga tanong tungkol sa gramatika;

3. Maraming mga gawain at pagtatasa kaya magiging abala ang mga mag-aaral subalit hindi sapat ang mga estratehiya at walang mga pamantayang ibinigay sa mga aralin para maisagawa nang matagumpay ng mga mag-aaral ang mga gawain. Hindi magkakaroon ng bagong kaalaman kung paulit-ulit lamang ang mga ipinagagawa. Kagaya ng mga layunin at mga tanong, nasa ilalim lamang ng dimensiyong kognitibong makatanda, makaunawa, at makapagsagawa ang mga ito. Hindi nabigyan ng halaga ang kaalamang metakognitibo sa pagtatakda ng mga gawain na kritikal para magampanan ang mga ito.

Pangunahing layunin ng bagong kurikulum ng Filipino ang maitanghal ng mga estudyante ang kanilang kakayahan sa pakikipagtalastasan, maging kritikal ang pag-iisip at magpahalaga sa wika, panitikan at kultura ng Pilipinas upang makaambag sa pag-unlad ng bansa. Kung ibabatay sa dalawang aklat na nakatuon lamang sa pagmememorya, hindi magtatamo ng bagong kaalaman ang mga mag-aaral.

**Balangkas na *Hugnayang Kognitibo***

Pinalalawig ng papel na ito ang pagsisikap ng mga iskolar na nagtasa sa mga teksbuk sa pamamagitan ng paglalatag ng mga kasanayang kinakailangan upang mapaunlad at mahasa ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Isinusulong din nito ang pagkakaroon ng higit na kritikal na dulog sa paggawa at pagpapaunlad ng mga kagamitang panturo sa Filipino. Nabuo ng mananaliksik ang konsepto ng *hugnayang kognitibo (cognitive complexity)* sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga prinsipyo ng nirebisang taksonomiya ng mga layuning pang-edukasyon ni Krathwohl (2002), konstruktibismo at metakognisyon. Ang depinisyon nito ay mula sa tatlong perspektiba:

1. Ang hangaring mahasa ang mababa at mataas na antas ng pag-iisip;

2. Pag-ayon sa paraan ng pagkatutong nakatuon sa prosesong nagbibigay-diin sa pagpapatibay at pagbuo ng kaalaman at kasanayan, maraming mga prosesong kognitibo ang nagsasabayan para maabot ang mataas na antas ng kritikal na pag-iisip; at


3. Ang pagkilala sa kalikasan ng pagkatutong nakaugat sa konstruktibismo at metakognisyon, na ang pagiging sangkot sa proseso ng pagkatuto ang magpapaunlad sa mga mag-aaral upang makamtan nila ang makabuluhan at malayang pagkatuto.

Noong 2001, naglabas ng bagong bersiyon ng taksonomiya ni Bloom ang ilang iskolar sa pangunguna ni David Krathwohl bunga ng kanilang rebyu ng lumang taksonomiya upang tugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral ng ikadalawampu't isang siglo. Nakatampok sa nirebisang taksonomiya ang "dalawang-dimensiyong balangkas na nagbibigay-diin sa kaalaman at mga prosesong kognitibo" (Krathwohl 218), at dahil sa mga katangiang ito, higit na angkop ang nirebisang taksonomiya kumpara sa taksonomiya ni Bloom (1950) na kadalasang gumagabay sa pagtatakda ng mga layunin ng mga kagamitang panturo. Ginagawa nitong kongkreto ang mga abstraksyon sa lumang taksonomiya sa pamamagitan ng: una, pagbibigay ng tiyak na anyo sa mga kahingian ng dimensiyong kaalaman (ibig sabihin, para sa bawat ibinigay na layunin sa pagkatuto, may mga espesipikong estratehiya o hakbang para makamtan ito). Ikalawa, nagtampok ng bagong dimensiyon, ang metakognisyon na nagpapalawak sa halaga ng taksonomiya dahil hindi lamang nalilimitahan ang pagkakatuto sa pagtatamo ng kaalaman kundi tumatawid sa aplikasyon ng mga estratehiya sa pagkatuto. Ikatlo, hindi tulad ng lumang taksonomiya na nag-aatas na kailangan munang magsimula sa mababang antas ng pag-iisiip bago makarating sa mataas na antas ng pag-iisip, kinikilala ng nirebisang taksonomiya na maraming mga prosesong kognitibo ang nagsasabayan para makamtan ang higit na kompleks na uri ng pag-iisip.

Isang teorya ng pagkatutuo ang konstruktibismo na nagbibigay-diin sa aktibong konstruksiyon ng pagkalap ng kaalaman ng mga tao (Woolfolk, 1999 sinipi kay Tracey 2006). Natututo lamang ang isang mag-aaral kung sangkot siya sa proseso ng pagkakatuto at kaya niyang pag-ugnayin ang bagong kaalaman sa umiiral na kaalaman (Tracey 2006). Sinimulan ng teoryang ito ang pagbabago sa paraan ng pagtuturong nakasentro sa titser tungo sa dulog na nakasentro sa mag-aaral. Hinihingi ng pagsasangkot sa mga estudyante sa proseso ng pagkatuto na bigyan sila ng oportunidad na mapaunlad ang kanilang mga estratehiya at kasanayan upang sukatin ang kanilang nalalaman at tukuyin ang mga paraan kung paano sila natututo. Kapag nagkaroon ang mga mag-aaral ng mga kasanayang ito, sila ay magiging malaya at responsable.

Nasa pusod ng konstruktibismo ang kaalamang metakognitibo na may kinalaman sa kaalaman sa pag-unawa (Pintrich 2002) at nakadisenyo ito na gawing sangkot ang mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Nakatuon ito sa pagtulong sa mga mag-aaral na maging maalam at responsable sa kung paano sila mag-isip. Kabilang dito ang kaalaman sa pangkalahatang estratehiya na maaaring magamit sa iba't ibang gawain, kaalaman sa mga sitwasyon at kondisyon kung kailan higit na epektibo ang mga estratehiyang ito, at ang pagkilala sa sarili (Pintrich 2002). Binibigyan nito ang mga mag-aaral ng mga kasanayan upang makaangkop sa iba't ibang sitwasyon. Iginigiit ni Pintrich (2002) na dapat nakabaon ang kaalamang metakognitibo sa lahat ng mga aralin sa iba't ibang asignatura.

Ang nirebisang taksonomiya, konstruktibismo, at metakognisyon ang mga pamantayan ng isinusulong na balangkas ng mananaliksik na makikita sa modelo (Larawan 2) na sabayang gumagana para magarantiya ang *hugnayang kognitibo*. Mahalaga ang pagsasama-sama ng tatlong balangkas dahil isinusulong nito ang pinakalayunin ng pagkatuto na nararapat itong sumunod sa prosesong konstruktibist. Gagabayan ng nirebisang taksonomiya ang mga pagpapasiyang gagawin sa pagbuo ng mga tanong at pagtatakda ng mga gawain at pagtatasa, na binibigyang-atensiyon ang mga prosesong kognitibong dapat mapaunlad ng teksbuk. Idinisenyo rin ito upang masiguro ang pagkakahanay (*alignment*) ng mga nabanggit na sangkap ng teksbuk. Epektibo ang taksonomiya sa pagtukoy sa mga kasanayang dapat mapaunlad ng mga tanong, gawain, at pagtatasa subalit hindi ito sapat upang ilarawan ang proseso ng paglikha ng mga kagamitang panturo o teksbuk. Kinakailangan, kung gayon, ng isang komprehensibong pundasyong magbibigay ng direksiyon sa paggawa ng mga ito kaya inilangkap ang konstruktibismo at metakognisyon. Ito ang mga prinsipyong nagtatakda at nagsusulong ng mga kinakailangan upang mapaunlad ang kritikal na pag-iisip. Ang nirebisang taksonomiya ang magbibigay ng bokabularyong kinakailangan upang matukoy ang mga kasanayang nagpapaunlad sa kritikal na pag-iisip, habang ang konstruktibismo at metakognisyon naman ang bumubuo sa prosesong magpapaunlad sa makabuluhang pagkatuto. Ang kalikasan ng pagkatutong nakabatay sa teksbuk ang paghikayat sa estudyanteng umasa sa isang materyal habang siya ay sumusulong sa proseso ng pagkatuto. Inaalalayan ng makabuluhang implementasyon ng mga prinsipyo ng konstruktibismo at metakognisyon sa pagdidisenyo ng mga tanong, gawain, at pagtatasa sa mga teksbuk ang tendensiyang ito.




**Larawan 2.** Modelo ng *Hugnayang Kognitibo*

**Mga Katangian ng Mahusay na Kagamitang Panturo at ang mga Estratehiya sa Pagtatasa at Paglikha ng mga Kagamitang Panturo**

Hindi nasusukat sa dami ng mga tanong at gawain ang *hugnayang kognitibo* ng teksbuk o ng anumang kagamitang panturo kundi sa kalidad nito. Mailalarawan ang isang mahusay na kagamitang panturo na siya ring mga batayan sa pagtatasa at pagbuo ng mga ito batay sa sumusunod na katangian:

1. *Inquiry-based*. Ang unang hakbang upang magkaroon ng pagkatutong aktibo ay ang paghahapag ng mga tanong, suliranin, at mga sitwasyong kailangang pagnilayan ng mga estudyante tungkol sa isang paksa. Naiiba ito sa tradisyonal na mga materyal na ibinibigay na ang lahat ng impormasyon at kaalamang dapat malaman ng estudyante at limitado lamang ang magiging sagot sa kung ano ang nilalaman ng kagamitang panturo. Dapat mabigyan ang mga estudyante ng pagkakataong magbigay ng mga sagot na magpapakita ng lalim ng pag-unawa nila sa paksa at higit ding mainam na maiuugnay nila ang paksa sa iba pang mga disiplina. Sa ganitong paraan, hindi nakakahon ang pagkatuto ng mga estudyante.

2. Balanse at may kaayusan ang mga kasanayan sa pag-iisip. Upang matiyak na malilinang ang kritikal na pag-iisip, dapat munang magsimula ang mga tanong at gawain na lilinang ng kasanayan sa pag-iisip sa mababang antas patungo sa mataas na antas. Kailangang ilatag ang pangunahing idea na magbibigay ng komprehensibong pag-unawa sa paksa at magsisilbing tulay sa higit pang malalaking idea. Marapat na may lakip na mga estratehiya upang mapagana ang kaalaman ng mga mag-aaral at mahasa ang kanilang kakayahan sa pag-iisip. Sa simula, maaaring tanungin ang mag-aaral kung ano ang kanilang alam at nais malaman tungkol sa paksa dahil sa pamamagitan nito, matataya kung gaano kalawak ang kanilang nalalaman tungkol sa paksa at makakausad na sa mga bagay na hindi pa nila alam. Kapag naisagawa na ang lahat ng gawain, aalamin naman kung ano ang mga paraang ginamit nila upang mahanap ang sagot dahil dito matatasa ang kanilang metakognitibong kasanayan.

3. Magkakahanay ang lahat ng elemento ng kagamitang panturo. Nararapat na magkakaugnay ang layunin, mga tanong, gawain at pagtatasa. Kinakailangang may integrasyon din ng nakaraan, umiiral, at bagong kaalaman sa mga tanong, gawain, at mga pagtatasang ibibigay sa kagamitang panturo.

4. Hanay ng mga tanong. Nararapat na magkaroon ng mga tanong na makatotohanan (Wilson, n.d.), naghihinuha, nagbibigay ng interpretasyon, paglalapat, tanong tungkol sa ipotesis, at replektibo (Wolf 1986).

a. Makatotohanan. Ito ang mga uri ng tanong na hindi komplikado ang mga hinihinging sagot; nakabase sa katotohanan o kabatiran ng

lahat. Mababang antas ng pag-iisip ang pinagagana rito dahil mula lamang sa teksto ang mga kinakailangang sagot.

b. Naghihinuha. Hinihingi nitong lagpasan ang ibinigay na impormasyon upang maghanap ng mga palatandaan, masiyasat ang mga ito at matalakay kung mapatotohanan ang mga hinuha.

c. Nagbibigay ng interpretasyon. Ito ang mga tanong na humihinging punan ang nawawalang impormasyon. Inaasahan nitong mabigyan ng paliwanag kung naunawaan ang kahihinatnan ng mga impormasyon.

d. Paglalapat. Hinahamon nito ang lawak ng pag-iisip na inaasahang madala ng mga estudyante ang kanilang kaalaman sa ibang mga larang.

e. Tanong tungkol sa ipotesis. Ito ang mga tanong tungkol sa mga bagay na maaaring bigyan ng prediksiyon at subukin.

f. Replektibo. Ito ang mga metakognitibong tanong na pagninilayin ang mga estudyante sa mga paraan kung paano sila natuto.

5. May varayti ng mga gawaing magpapaunlad o magpapataas sa paraan ng pagkatuto. Ang mga gawain ay *inquiry-based* at sumusunod sa proseso. Mahalagang gampanin ng mga gawain ang mabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong makita ang koneksiyon ng paksa sa iba pang mga disiplina. Dapat bigyang-konsiderasyon sa pagtatakda ng mga gawain ang pagpapaunlad at paghahasa sa kognitibong pag-iisip—makatanda, makaunawa, makapagsagawa, makapagtasa/makapagtaya, makasuri, at makalikha. Malilinang naman ang metakognitibong kasanayan kapag may varayti ng gawain tulad ng: (1) pagtukoy sa sanhi at bunga, (2) pagtatala at pagtukoy ng mahahalagang punto, (3) pagtukoy at pagsasaayos ng mga problema at solusyon, (4) pag-uugnay ng impormasyon sa mga pangunahing tema at pantulong na idea, (5) pagpapaunlad ng mga konsepto, (6) pagpapalawak at pagbuo ng bokabularyo, at iba pang mga estratehiyang kakailanganin ng estudyante upang ganap niyang maunawaan ang isang paksa.

6. May varayti sa pagtatasa at nakalatag ang pamantayan ng pagtatasa. Nakasalalay ang tagumpay ng mag-aaral sa pagtatawid ng pangunahing kahingian ng isang kagamitang panturo sa maliliit o pormatibong mga pagtatasa (*formative assessment*). Nararapat na ang lahat ng ito ay may kontribusyon upang maisakatuparan ang pangunahing pagtatasa (*summative assessment*). Pinakamahalaga sa lahat ang pagbibigay ng pamantayan o rubric na susundin at gagabay sa mag-aaral sa pagsasagawa ng mga kahingian ng kagamitang panturo. Kailangang maliwanag sa mga mag-aaral ang basehan ng markang kanilang makukuha.

7. May puwang para sa pagninilay. Layunin ng pagtuturo at pagkatuto na ihanda ang mag-aaral na harapin ang anumang akademikong hamon nang mag-isa at

maging responsable sa kaniyang sariling pagkatuto. Magaganap lamang ito kung maliwanag sa kaniya ang mga paraan kung paano siya natututo, kaya nararapat niyang mapagnilayan ang bawat estratehiyang ginamit para maisagawa ang kahingian ng bawat kagamitang panturong ipinagamit sa kaniya. Sa ganitong paraan nahahasa ang metakognitibong kasanayan.

Nirebisa ng mananaliksik ang unang aralin sa *Landas sa Pagbasa* (Belvez 2011) na pinamagatang "Mga Tugmang Bayan" (2-6) upang umayon ito sa mga pamantayan ng *hugnayang kognitibo* at magkaroon ng mga katangian ng isang mahusay na kagamitang panturo. May tatlong yugto ang nirebisang aralin: sa unang yugto, magkakasama ang mga pangkalahatan at espesipikong layuning nakasaad sa kurikulum ng Filipino sa Grade 6 ng DepEd, mga pagtatasa, at ang mahalagang konsepto. Nakahanay ang pagtatasa sa mga layunin upang matiyak na hindi lilihis ang mga gawain sa nais makamtan ng aralin. Mahalagang konsepto naman ang pangkalahatang pahayag na magpapagana ng *inquiry* sa aralin dahil sinasakop nito ang komprehensibong kaalamang dapat matutuhan hinggil sa paksa at ito rin ang magsisilbing tulay tungo sa higit pang malalaking idea.

**UNANG YUGTO**

I. **Mga Layunin**
  A. Pangkalahatan
    1. Naipapahayag ang idea/kaisipan/damdamin/reaksiyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon
    2. Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon
    3. Naisusulat nang malinaw at wasto ang mga pangungusap at talata
    4. Naipagmamalaki ang sariling wika sa pamamagitan ng paggamit nito
  B. Espesipiko
    1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang salaysay
    2. Naiuugnay ang binasa sa sariling karanasan
    3. Nasisipi ang isang talata mula sa huwaran
    4. Nakagagawa ng paksang balangkas at nakasusulat ng talata gamit ito

II. **Pagtatasa ng Kakayahan at Natutuhan**
  A. Pagtatasang pormatibo
    1. Pagsagot sa mga tanong na sumusukat sa pag-unawa sa binasa
    2. Pagpuno sa mga *graphic organizer* upang mahasa ang pag-iisip at mailapat ang mga ito sa itinakdang pangkalahatang gawain
  B. Pagtatasang pangkalahatan
    Pangkat na gawain: bumuo ng isang aklat-aklatan o *scrapbook* ng pinagsama-samang saliksik ng mga estudyante sa grupo.

III. **Mahalagang konsepto**
  Ang panitikang bayan ay kaban ng kaalaman tungkol sa panahong pre-kolonyal at pasilip sa diwa ng ating mga ninuno.

Nasa ikalawang yugto naman ang mga estratehiyang magpapaunlad at hahasa sa mga prosesong kognitibo at metakognitibo ng mag-aaral. Nakalahad ang mga pagtatasang pormatibong kinakailangan upang matagumpay na maisagawa ang pagtatasang pangkalahatan. Dito magaganap ang integrasyon at paglalapat ng kaalamang makatotohanan sa iba pang kaalaman. Nagsimula ang yugtong ito sa pagpapagana ng nakaraang kaalaman para sukatin ang alam na ng mga estudyante tungkol sa paksa upang

magabayan ang guro sa magiging direksiyon ng aralin. Unang ibinigay ang listahan ng bokabularyo bago ang teksto sa halip na sa huli upang makatulong sa pagbasa ng teksto at hindi lamang gamiting pagtatasa sa pag-unawa ng binasa. Sa bahaging "Pagbasa ng Teksto," binigyan ng panuto ang mga estudyanteng dapat muna nilang intindihin ang mga tanong bago magbasa upang magabayan ang kanilang pagbabasa at siyang lilinang sa kasanayan sa pagtukoy sa pangunahing idea at pantulong na idea. May hanay ng mga tanong na ibinigay sa mga estudyante upang hindi lamang literal ang kanilang pag-unawa sa teksto. Sa paggawa ng habing-semantiko, ginagarantiyang maiuugnay at mailalapat ng mga estudyante ang kanilang pag-unawa sa teksto sa iba pang mga idea at larang. Mapapansing may mga *graphic organizer* para sa bawat gawain upang maibigay sa mag-aaral ang estratehiyang gagamitin para maisakatuparan ang mga gawain at sa ganitong paraan din mapauunlad ang kaalamang metakognitibo. Lahat ng gawain ay tungo sa pagsasagawa ng pangkalahatang pagtatasang tatahi sa mga kasanayan sa pag-iisip ng mga estudyanteng pinaunlad ng aralin. Nakalatag din dito ang proseso at mga pamantayan sa pagsasagawa ng pagtatasang pangkalahatan upang matagumpay itong magawa ng mag-aaral.

**IKALAWANG YUGTO**

**I. Pagpapagana ng Kaalaman**

Paksa: **Panitikang Bayan**
Punan ang tsart ng hinihingi nitong impormasyon tungkol sa paksang panitikang bayan.

| Ano-ano ang alam mo tungkol sa panitikang bayan? | Ano-ano ang mga gusto mo pang malaman tungkol sa panitikang bayan? | Mag-isip ng mga kongkretong paraan para mahanap mo ang sagot sa mga nais mo pang malaman. | Ano-ano ang mga natutuhan mo sa pagtatapos ng linggong ito? Ano-ano ang mga paraang ginamit mo para matutuhan ang mga ito? (Punan ng sagot ang hanay na ito sa huling araw ng linggong ito.) |
|---|---|---|---|
| | | | |

**II. Pagpapalawak ng Talasalitaan**[i]


- tumana
- kalinangan
- sasangguniin
- niknik
- siyang-siya

**III. Pagbasa ng Teksto**

Basahin ang tekstong "Mga Tugmang Bayan"[ii] at sagutin ang mga katanungang matatagpuan pagkatapos nito. Intindihin muna ang mga tanong bago magbasa upang maging maliwanag kung ano ang dapat pagtuunan ng pansin.

A. Mga Katanungan:
1. Saan ang tagpuan ng salaysay?
2. Paano ipinaliwanag ng lolo ang kahulugan ng tugmang-bayan?
3. Paano inilarawan sa teksto ang panahon ng pagkakalikha ng mga tugmang-bayan?
4. Ano-ano ang mga katangian ng tugmang-bayan? Paano ito naiiba sa mga makabagong kuwentong nabasa mo?
5. Bakit maituturing na pamanang kalinangan ang mga ito?
6. Sa paanong paraan mapananatiling buhay ang ganitong uri ng panitikan?

B. Mga Iba Pang gawain
1. Gumawa ng habing-semantko sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga konseptong maaari mong iugnay sa panitikang bayan. Isulat ang iba't ibang idea na pumasok sa iyong isip.[iii]




1. Gumawa ng paksang balangkas gamit ang nilalaman ng habing semantiko.
2. Sumulat ng isang maikling talata gamit ang balangkas bilang gabay.

A. Pananaliksik
1. Kumalap ng impormasyon tungkol sa iba't ibang anyo ng panitikang-bayan mula sa iba't ibang rehiyon sa pamamagitan ng pagpunta sa aklatan at pag-iinterbyu sa mga magulang, lolo o lola ninyo. Maghanap din ng mga halimbawa ng mga ito. Isulat ang mga nahanap na impormasyon sa *graphic organizer* sa ibaba.

| Pagsisipi ng Impormasyong Nasaliksik[i] | |
|---|---|
| Mga Pangunahing Idea | Mga Pantulong na Detalye |
| | |

2. Sa inyong grupo, pagsama-samahin ang mga nakalap ninyong impormasyon at bumuo ng aklat-aklatan o scrapbook gamit ang mga *recycled* na materyal.
3. Ang magiging laman ng inyong *scrapbook* ay ang sumusunod:
   - Iba't ibang anyo ng panitikang-bayan,
   - Isang talatang deskripsiyon ng bawat isa,
   - Isang halimbawa para sa bawat anyo ng panitikang-bayang tinalakay,
   - Ang inyong nabuong aklat ay mamarkahan batay sa sumusunod:

| **Pamantayan** | **Puntos** |
|---|---|
| 1. Tama ang impormasyong nakasaad sa bawat talata. | 10 |
| 2. May tig-iisang halimbawa ang bawat anyo ng panitikang bayang inilarawan. | 10 |
| 3. Naging malikhain at masinop sa paggamit ng mga *recycled materials* | 10 |
| Kabuuang Puntos | 30 |

Nakatuon ang ikatlong yugto sa pagninilay sa aralin. Hinihikayat nito ang mga estudyanteng balikan ang kanilang mga natutuhan at ang proseso ng kanilang pagkatuto. Kung pauli-ulit itong gagawin sa lahat ng mga aralin sa buong taon ng pag-aaral, malilinang ang aspekto ng metakognisyong pag-unawa sa kanilang sarili at kakayahan.

**IKATLONG YUGTO**

**VII. Pagninilay**

1. Balikan ang tsart na pinunan sa pagsisimula ng aralin at sagutin ang tanong sa huling hanay. Sa pagsagot ng mga tanong dito, balikan din ang mga sagot mo sa ikatlong hanay.

Sumulat ng isang maikling talatang nagpapaliwanag sa pahayag na ito: "Ang panitikang bayan ay kaban ng kaalaman tungkol sa panahong pre-kolonyal at pasilip sa diwa ng ating mga ninuno."

## Paglalagom

Mahalaga ang mga teksbuk at mga kagamitang panturo dahil maaari itong maging ahensiya ng pagbabago. Sa mga pampublikong paaralang may isang titser para sa tatlumpu't isa o higit pang estudyanteng nagsisiksikan sa isang masikip na klasrum, ang teksbuk ang lumilikha ng kaayusan at isang mahalagang paraan para tugunan ang iba't ibang pangangailangan ng klase. Malaki ang potensiyal ng mga teksbuk bilang pantulong sa pagtuturo at pagkatuto kaya nararapat lamang magarantiyang mataas ang kalidad ng mga ito upang tumugma sa matayog na mithiin ng edukasyon.

Nasa panahon ng transisyon ang sistema ng edukasyon sa bansa dahil sa pagkakaroon ng programang K-12. Inaasahang marebisa ang mga kagamitang panturo at sumulat ng mga teksbuk para sa mga bagong kurso kaya isa itong pambihirang pagkakataon upang itama ang mga pagkakamali at punan ang kakulangan ng mga manunulat ng teksbuk noong nakaraan. Sa pamamagitan ng paglikha ng mga kagamitang panturong *inquiry-based,* masisigurong ang uri ng pagkatuto ay lihis sa tradisyonal kung saan nakasalalay lamang ang mga mag-aaral sa pakikipag-ugnayan sa teksbuk at sa kanilang titser. Magiging makabuluhan ang pakikipag-ugnayang ito kung mabibigyan ang mga mag-aaral ng mga kagamitang panturong pupuwersahin silang usigin ang nilalaman nito. Umaasa ang mananaliksik na makakaambag ang mga iminungkahi ng sanaysay na ito sa paglikha ng mga kagamitang panturong hahasa sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

## MGA SANGGUNIAN


Aguinaldo, Camille A. "K to 12 review finds declining test scores, skills mismatch." BusinessWorld. BusinessWorld Publishing 6 Marso 2019. Web. 5 Oktubre 2019.

Belvez, Paz M. Landas sa pagbasa: batayang aklat sa filipino: ikaanim na baitang. Quezon City: EduResources Publishing Inc., 2011. 1-246. Limbag.

Bernardo, Allan B.I. "Frameworks and contents of philippine basic education textbooks: a synthesis and exposition." The social and human sciences in philippine basic education: a review of elementary and high school textbooks, inedit nina Florentino H. Hornedo, Virginia A. Miralao and Felice P. Sta. Maria, 1-24. Quezon City: Philippine Social Science Council, 2000. 1-24. Limbag.

Bloom, Benjamin S., et al. Taxonomy of educational objectives: the classification of educational goals by a committee of college and university examiners: Handbook 1: cognitive domain. New York: Longman, 1956. 201-207. Limbag.

Caguicla, Ana Isabel D. "The anatomy of deped-issued filipino 6 textbooks: mapping out knowledge and cognitive complexity." M.A. thesis. University of the Philippines Baguio, 2016. Limbag.

Department of Education. "K-12 basic education curriculum: baitang 6." K to 12 gabay pangkurikulum: filipino, 2013. Web. 11 Enero 2016.

Diaz, Manuel P. "A review of selected textbooks and other instructional media for sibika at kultura in elementary schools." The social and human sciences in philippine basic education: a review of elementary and high school textbooks. Ed. Florentino H. Hornedo, Virginia A. Miralao and Felice P. Sta. Maria. Quezon City: Philippine Social Science Council, 2000. 25-46. Limbag.

Hornedo, Florentino H., Virginia A. Miralao and Felice P. Sta. Maria. The social and human sciences in philippine basic education: a review of elementary and high school textbooks. Quezon City: Philippine Social Science Council, 2000. v-viii. Limbag.

Krathwohl, David R. "A revision of bloom's taxonomy: an overview." Theory into practice, Theory into practice, 41 (4): 2002. 212-218. JSTOR. Web. 3 Marso 2016.

Liwanag, Lydia B. Landas sa pagbasa: batayang aklat sa filipino: ikaanim na baitang. Quezon City: EduResources Publishing Inc., 2011. 1-240. Limbag.

Pintrich, Paul R. "The role of metacognitive knowledge in learning, teaching and assessing." Theory into practice, 41 (4): 2002. 219-225. JSTOR. Web. 3 Marso 2016.

Ravina, Maria Clara V. "A review of the social and human sciences a review of the framework and content of elementary and secondary textbooks and teacher's manuals in english and filipino." The social and human sciences in philippine basic education: a review of elementary and high school textbooks, inedit nina Florentino H. Hornedo, Virginia A. Miralao and Felice P. Sta. Maria, 139-160. Quezon City: Philippine Social Science Council, 2000. 139-160 Limbag.

Republic of the Philippines Commission on Audit. Department of Education Annual Audit Report (6 Agosto 2019). 27. Web. 5 Oktubre 2019.

Tracey, Dianne H. and Lesley Mandell Morrow. Lenses on reading: an introduction to theories and models. New York and London: The Gilford Press, 2006. 47-74. Limbag.

Wilson, Leslie O. "Five Basic Types of Questions." The second principle. Leslie Owen Wilson, N.d. Web. 1 Mayo 2016.

Wolf, Dennis P. "The art of questioning." College Board Summer Institute Educational Equality Project. Sta. Cruz, California. 9-13 July 1986. Lektura. Web. 20 Agosto 2009.

## MGA TALA

[i] Hugnayang kognitibo ang minarapat kong salin ng cognitive complexity sa halip na kompleksiting kognitibo dahil sa palagay ko, higit itong makaaambag sa imbentaryo ng mga akademikong konsepto sa Filipino. Sa balarilang Filipino, hugnayang pangungusap ang salin ng complex sentence.

[ii] Ayon kay Aguinaldo ng BusinessWorld, sa isang senate committee hearing para sa rebyu ng kurikulum ng K-12 na isinagawa kamakailan lang, lumabas na bumaba ang National Achievement Test scores noong 2017 (40% para sa Grade 6 at 44.1% naman para sa Grade 10) na siyang indikasyon ng pagbaba ng kalidad ng primaryang edukasyon sa Pilipinas. Nabanggit din ang pagbaba ng kalidad ng mga guro base sa pagbaba ng passing rate sa Licensure Exam for Teachers (LET).

[iii] Lumabas sa Commission on Audit Evaluation Report sa DepEd noong 2018 na kailangang itama ang mga maling impormasyong natagpuan nila sa mga teksbuk at kagamitang panturong ipinagagamit sa mga estudyante at pag-ibayuhin din ang pagrerebyu ng mga ito bago ilathala at ipamahagi sa mga mag-aaral.

[iv] Hindi kabilang ang mga librong ito sa programang K-12 subalit ito pa rin ang ipinapagamit sa mag-aaral habang hindi pa naisusulat ang mga bagong libro.

[v] Binago ko nang bahagya ang mga ispesipikong layunin upang tumugma sa pangkalahatang layunin.

[vi] Dapat ibigay ang listahan ng bokabularyo bago magbasa para higit na maintindihan ang teksto. Sa halip na bigyang depinisyon ang bawat salita, mas mainam kung magpokus na lamang sa isang konsepto (hal., panitikang bayan) at hayaan ang estudyanteng mag-brainstorm sa pamamagitan ng pagsulat ng mga salita o pariralang may koneksiyon sa paksa sa isang habing- semantiko. Dapat na magmula ang mga kahulugang ibibigay ng estudyante sa mga alam na nila at sa bagong impormasyon mula sa teksto.

[vii] Babaguhin ko ang teksto dahil hindi ito tugma sa depinisyong ibinigay sa unang talata ng teksto subalit sa pagkakataong ito pinanatili ko muna ang ibinigay sa aklat ni Belvez.

[viii] Sa bahaging ito, dapat magbigay ng lektura ang guro tungkol sa paggawa ng simpleng balangkas at pagsulat ng talata. Maaaring gawing lunsaran at gabay sa paggawa ng balangkas ang habing-semantiko ng mga estudyante.

[ix] Aplikasyon/pagpapatatag ito ng mga kasanayang nagmula sa pagpuno sa habing-sementiko.

[x] May pagsisikap ang DepEd na gawing 1:31 ang teacher-student ratio subalit hindi pa ito ganap na naipatutupad dahil hindi pa rin sapat ang bilang ng mga titser sa mga pampublikong paaralan.